Kumuha ng mga impormasyon:

# Pagtawag sa 911 kapag kailangan ninyo ng pang-emergency na pangangalaga ng kalusugan

## *Para sa mga pansamantala at banyagang manggagawa*

Ang 911 ay ang libreng pang-emergency na numero ng telepono na kokonekta sa inyo sa ambulansiya, pulis o serbisyo ng bumbero sa isang emergency. Ang isang emergency ay kapag nalalagay sa panganib ang kaligtasan o kalusugan ng isang tao at kailangan nila kaagad ng tulong.

**Tumawag sa 911 kapag kailangan ninyo ng pang-emergency na pangangalaga ng kalusugan para sa mga sintomas na tulad ng:**

- kawalan ng malay
- matinding pananakit na hindi mapaginhawa ng gamot sa pananakit
- pagkalito, nahihirapang magsalita, pagkahilo
- patuloy at matinding pananakit ng dibdib
- nahihirapang huminga o kapos ang hininga
- may bali o nabaling buto, sugat na kailangang tahiin o mayroong hindi makontrol na pagdurugo
- biglaan at matinding sakit ng ulo o mga problema sa paningin o biglaang paghina, pangingimay at/o pamamanhid sa mukha, braso o binti

**Ang 911 ay para sa lahat. Magtatanong lang** ang mga 911 operator ng tungkol sa emergency. Kumpidensyal ang personal na impormasyon ng kalusugan.

- HINDI ninyo kailangan ng anumang dokumento o pahintulot para tumawag sa 911.
- Pwedeng kayo mismo ang tumawag o ibang tao.

**Handang tumulong ang mga tagapagsalin-wika 24/7**
sa mahigit 240 wika kasama ang Espanyol, Filipino, Thai, Vietnamese, Mandarin, Cantonese, Arabic, French at iba pa.

- Kapag tumawag kayo sa 911 at ikinonekta sa ambulance dispatch sabihin kung anong wika ang sinasalita ninyo at manatili sa linya.

**Libre ang tawag.** Dapat gumana ang mga cell phone na mula sa ibang bansa kahit na hindi ito nakakonekta sa isang serbisyo sa Canada. Ang mga social media application, tulad ng WhatsApp, WeChat, Skype o Google ay maaaring hindi ka ikonekta sa 911.

- **I-dial ang 911 sa kahit anong cell phone o landline. HUWAG gumamit ng mga social media application.**

**Para sa payo sa kalusugan o impormasyon, tumawag sa** Telehealth Ontario 24/7. Ito ay libre at kumpidensyal. 1-866-797-0000
o Teleprinter o Teletypewriter (TTY): 1-866-797-0007

Para sa impormasyon tungkol sa COVID-19, bisitahin ang **ontario.ca/coronavirus**

Employment Standards Info Centre (Sentrong Mapagkukunan ng Impormasyon para sa Mga Pamantayan sa Trabaho): 1-800-531-5551 o TTY (para sa may mahinang pandinig): 1-866-567-8893

Ontario

Kumuha ng mga impormasyon:

# Ano ang dapat asahan kapag tumawag sa 911 para sa emergency sa kalusugan

***Para sa mga pansamantala at banyagang manggagawa***

## Kung mayroon kayong emergency, tumawag kaagad sa 911.

**Habang nasa tawag sa 911: Sagutin ang mga tanong para makakuha ng tulong**

- Magtatanong ang tatanggap ng tawag sa 911 ng: "911 - police, fire, or ambulance?" Para sa isang medikal na emergency, sabihin ang "ambulance." Ililipat ang iyong tawag sa ambulance dispatch. Huwag ibaba ang telepono.
- Magtatanong ang tatanggap ng tawag sa 911 para sa ambulansiya para maikuha kayo ng tulong. Kung kailangan ninyo ng isang tagapagsalin-wika, sabihin ang wikang sinasalita ninyo. Ililipat ang inyong tawag sa isang tagapagsalin-wika. Huwag ibaba ang telepono.

**Nagtatanong ang mga tatanggap ng tawag sa 911 para sa ambulansiya para maintindihan ang emergency at ang inyong lokasyon:**

- Ano ang medikal na emergency?
- Ano ang address ng emergency (lungsod, bayan, pangalan ng kalye, numero ng bahay o tinitirhan)?
- Saan kayo matatagpuan (sa field, kabina, barn, bunk house)?
- Ano ang numero ng inyong telepono / cell phone?
- Kailangan ba ninyo ng isang tagapagsalin-wika? Kung oo, anong wika ang ginagamit ninyo sa pakikipag-usap?

Tumutulong ang mga sagot na makapagpasya ang mga tatanggap ng tawag kung anong tulong ang ipapadala.

Sundin ang kanilang mga instruksyon hanggang sa dumating ang tulong.

**Pagkatapos ng tawag sa 911: Kung ligtas kayo, manatili sa kung nasaan kayo**

- Paparating ang ambulansiyang may mga paramediko para tulungan kayo. Huwag umalis sa lokasyon kung ligtas.
- Kung ang pagtawag ninyo ay tungkol sa ibang tao, salubungin ang mga paramediko kapag dumating sila at dalhin sila sa taong iyon.
- Gagawa ang mga paramediko ng medikal na pagsusuri. Maaari silang magbigay ng paggamot at pagkatapos ay dadalhin ang pasyente sa isang ospital o pasilidad para sa pangangalaga ng kalusugan.

**Kung mangyayari ang medikal na emergency sa trabaho, tumawag sa 911 at gamitin ang sumusunod na impormasyon:**

**Address:** ______________________________

______________________________

______________________________

**Intersection:** ______________________________

______________________________

at ______________________________

**Ang wikang sinasalita ko ay:**

______________________________